nystateofhealth™
The Official Health Plan Marketplace



# Maaari bang maging kuwalipikado ang aking pamilya para sa tulong pinansyal kahit na inaalok kami ng health insurance sa pamamagitan ng aking employer?

## Mas Nagiging Abot-Kaya Na ang Family Health Insurance Coverage

### Bagong Panuntunan sa Pagiging Kwalipikado para sa Tulong Pinansyal sa pamamagitan ng NY State of Health

- Simula Enero 1, 2023, ang pagiging kwalipikado para sa tulong pinansyal para sa mga kapamilya ay ibabatay sa kakayanan ng family coverage na iniaalok ng employer.
- Itinuturing na "abot-kaya" ang family health plan kung ang premium ay mas mababa sa 8.39 porsiyento ng kinikita ng sambahayan.
- Kung itinuturing na hindi abot-kaya ang family coverage, maaaring maging kwalipikado ang mga kapamilya para sa tulong pinansyal.
- Hindi nito binabago ang affordability test para sa mga empleyado. Kung makakakuha ang empleyado ng abot-kayang single (empleyado lamang) na coverage sa pamamagitan ng kanyang employer, hindi siya magiging kwalipikado para sa tulong pinansyal sa pamamagitan ng NY State of Health. Gayunpaman, maaari pa ring maging kwalipikado ang mga kapamilya.

### Ang Panuntunan para sa Pagiging Kwalipikado sa Tulong Pinansyal Bago ang 2023

- Hanggang 2023, itinuturing na "abot-kaya" ang health insurance batay sa halaga ng single (empleyado lamang) na coverage.
- Hanggang sa panahong iyon, kung ang premium para sa single (empleyado lamang) na coverage ay mas mababa sa 9.61 na porsiyento ng kinikita ng sambahayan ng empleyado, itinuturing itong abot-kaya. Ang mga empleyadong puwedeng makakuha ng abot-kayang health insurance mula sa kanilang employer ay hindi kwalipikado para sa tulong pinansyal ng NY State of Health plan.
- Kung hindi kwalipikado ang isang empleyado para sa tulong pinansyal mula sa NY State of Health batay sa panuntunang ito, hindi rin kwalipikado ang mga kapamilya ng empleyado para sa tulong pinansyal sa pamamagitan ng NY State of Health. Nalalapat ito kahit na ang family health plan na iniaalok ng employer ay nagkakahalaga ng higit sa 9.61 porsiyento ng kinikita ng sambahayan.

### Ano ang Magagawa Mo?

- Gamitin ang Tool na Calculator ng Tulong Pinansyal ng NY State of Health: **https://info.nystateofhealth.ny.gov/estimate-financial-assistance**
- Nagbibigay ang tool na ito ng tantya upang malaman kung kwalikado ka o ang iyong mga kapamilya para sa tulong pinansyal. Ang iyong aktwal na pagiging kwalipikado ay tutukuyin kapag nag-apply ka.

Kung sa palagay mo ay maaaring kwalipikado ka o ang iyong mga kapamilya para sa tulong pinansyal, makipag-ugnayan sa NY State of Health para makakuha ng tulong sa pag-apply:

**Online:** nystateofhealth.ny.gov

**Sa pamamagitan ng Telepono:** 1-855-355-5777 o TTY: 1-800-662-1220

**Nang personal:** Libreng tulong mula sa isang sertipikadong assistor

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at batas ng estado, at hindi ito nandidiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, edad, bansang pinagmulan, pananampalataya/relihiyon, katayuan ng pagpapakasal/pamilya, rekord ng pagkakaaresto, (mga) kriminal na pagkakahatol, pagkakakilanlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, mga katangiang henetiko na nagpapataas ng pagkakataong magkaroon ng mga partikular na sakit, katayuan sa militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasang pantahanan at/o paghihiganti.

11444 (Tagalog)

10/2022